ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 15 Agosto 20 - 26, 2018 • P10.00

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
LAYOUT ARTIST
Look for KA INDO
JUST CALL OR TEXT:
0997-9088638/ 0918-6174067

# KUYA, WALANG PAGSISISING KINASUHAN ANG KAPATID SA BACOOR CITY

pahina 2




## GETTING TO KNOW THE 'ILUSTRADO' LIFESTYLE AT MUSEO DE LA SALLE

p. 7

## CARMONA LGU NURTURES AND RECOGNIZES PWDs' TALENTS

p.5

## MODUS SA BOC BISTADO, 5 PEKENG AHENTE ARESTADO

pahina 11

## YOUNG, QUIZON, MORDIDO AT CONCIO NAKATUTOK SA GM NORM SA MALAYSIAN CHESSFEST

pahina 6

## GIANT MALL CONGLOMERATE HONORS CAVITE ARTISAN

p.4

## SSS TO WORK CLOSELY WITH DFA, DOLE TO ENSURE OFW COVERAGE

p. 9

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# KUYA, WALANG PAGSISISING KINASUHAN ANG KAPATID SA BACOOR CITY

**HINDI pinagsisisihang sampahan ng kaso ng isang 48-anyos na driver ang nakababata nitong kapatid para matauhan matapos siyang pagtangkaing patayin at nagnakaw ng frozen chicken na pagbenta para sa kanyang bisyo sa Bacoor City, Cavite.**

Kasong grave threat ang isinampa ni Myco Capistrano, binate, laban sa kanyang kapatid na si Christopher Capistrano, 38, may-asawa, walang tabaho, at kapwa residente ng Block 2, Lot 14, Via Amores-Amici Subd., Brgy. Molino 3, Bacoor.

Sa report ni PO1 Edilberto Reyes, Jr., ng Bacoor City Police Station, dakong alas-11:30 ng umaga nang komporontahin ni Myco ang kapatid na huwag kunin ang frozen chicken sa loob ng kanilang refrigerator.

Nabatid na gustong kunin ni Christopher ang nasabing fozen chicken upang ibenta at ipambili umano ng droga.

Dahil dito, nagkaroon ng mainitang pagtatalo ang magkapatid kaya kumuha ng kutsilyo si Christopher at binataan papatayin si Myco kung pipigilan siya.

Namagitan ang mga barangay officials dahilan upang bitbitin si Christopher. **GENE ADSUARA**

# Project VIPER, enhancing Cavite's capacity on disaster preparedness and response

**AIMED** to enhance the capacity of Cavite to prepare and respond to the Big One to lessen its impact on lives and properties, as well as facilitate meaningful participation among different stakeholders, Project VIPER (Vulnerability and Impact Reduction to Earthquake) successfully came up with the contingency plan for the province. Its success paved way for a confab that served as an avenue for presentation of accomplishments and challenges during the project journey through a Sharing of Lessons Learned Event held on August 14, 2018 in Bali Resort, Tagaytay City.

The sharing event celebrated the results of Project VIPER and took stock of the lessons learned throughout the almost year-long journey. Such development of coordination mechanism in the province involving civil society organizations will help link Cavite's contingency plan to Metro Manila's contingency plan.

Disaster Risk Reduction and Management Officers of all LGUs in Cavite who were involved in crafting the province's CP on the Big One were invited along with the Provincial DRMM Council. Other neighboring provinces in CALABARZON were also present at the end of project even to learn from Cavite's experience and discuss possible ways forward.

Provincial Disaster Risk Reduction and Management Officer Cecil Miranda expressed how proud the province is for the accomplishments of project VIPER, making a consortium, a contingency plan and a coordination mechanism all possible for Cavite through participatory processes in only a year.


Project VIPER developed from the "Big Preparedness: One Cavite" colloquium held in July 2017 where Cavite LGUs, the Provincial Government and select Civil Society Organizations identified actions to better prepare for the impacts of the "Big One". The Big One is a 7.2 magnitude earthquake scenario triggered by the West Valley Fault.

The project was planned by the consortium formed after the 2017 colloquium. The consortium is composed of the Provincial Government of Cavite, Adventist Development and Relief Agency (ADRA) Philippines and Humanitarian Leadership Academy Philippines.

"Indeed, when people... work together, everything is possible," Dong Waña, Center Director of the Humanitarian Leadership Academy Philippines acknowledged.

Tom Pignon noted "The work does not end here, Cavite's contingency plan is but a small contribution to the resilience of the country that we are all hoping for. We look forward to more of these initiatives."

The Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office, led project VIPER in close coordination with the Office of Civil Defense CALABARZON Region. The Adventist Development and Relief Agency coordinated the project with support from the Humanitarian Leadership Academy Philippines and ADRA Czech. **(PICAD/ADRA Czech)**



**ANG** pamunuan ng Cavite Province Publishers League Inc. (CPPLI) – Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI-Cavite Chapter) sa kanilang pagbisita at dayalogo kamakailan kay Regional Director Ma. Cristina Arzadon, ng Philippine Information Agency (PIA-CALABARZON) na may kaugnayan sa federal form of government na isinusulong ng kasalukuyang administrasyon. Sa naturang paghaharap ay nabatid ang mahalagang papel na babalikatin at gagampanan ng hanay ng PIA sa ilalim ng Presidential Communications Operations Office (PCOO) para sa payak na kaalaman ng publiko hinggil sa pederalismo. **(JB)**



**DICT's** Rural Impact Sourcing Technical Training produces 24 graduates in Cavite: Participants and completers to the Rural Impact Sourcing Technical Training implemented by the Department of Information and Communications Technology (DICT) in the province of Cavite attended the graduation ceremony on August 13, 2018 at the Ceremonial Hall, Provincial Capitol Bldg., in Trece Martires City. Cavite Governor Boying Remulla conveyed his congratulatory message through his Executive Assistant Mr. Vincent Bae. The twelve-day classroom and 21-day roll-out training which focused on Branding for Companies, Products and Services, Web Development, Product Photography and Content Writing, Business Blogging, Social Media Content Planning and Calendar, Building of their own Freelancer Profile and other related topics such as CRM and E-mail Follow Through, Data Privacy Law, Cybercrime Law, and Digital Marketing Ethics yielded top three trainees namely Mr. Richard Jimenez, Ms. Janine Vicente and Ms. Maria Gina Lucena. On behalf of all the participants, the top three expressed their gratitude to DICT for such opportunity and to Governor Boying Remulla for the endless support as they deliver their inspirational stories during the program. Awarding of certificates was led by DICT Program Manager of ICT Industry Development Bureau Ms. Emmy Lou Delfin of DICT, Regional Director for Operations Ms. Amelia Dean, Assistant Regional Director Luzon Cluster 2 Engr. Petronilo Villafuerte and Trainor Mr. Jeremiah Balan of Digital Filipino. **(PICAD)**

## KALIBRE

ROMY SANTOS

0977-7844136



# Guro, pangalawang magulang ng estudyante; Ama ng Noveleta

**BIBIGYANG** katuparan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang kanyang pangakong salary increase sa mga public school teachers.

Batay ito sa pagtiyak ni Special Assistant to the President (SAP) Secretary Bong Go na aniya hinihintay na lamang makumpleto ang 4-year Salary Standardization sa susunod na taon.

Kumpiyansa ang kalihim na mahahanapan ng Department of Budget and Management, sa ilalim ni Secretary Benjamin Diokno, ng kaukulang budget ito.

Unang ipinangako ang salary increase ng mga sundalo at pulis at ito ay tinupad naman ni Duterte.

Tulad ng pulis at sundalo ay nararapat ding saluduhan at kilalanin ang mga pagpupunyagi ng mga guro.

Hinahasa nila ang mga mag-aaral hindi lamang para sa edukasyon bagkus ay ang pagturo sa mga bata ng pag-iwas sa masasamang gawain lalo na ang paggamit ng iligal na droga.

Ang guro ang itinuturing na pangalawang magulang (nanay o tatay) ng estudyante kaya tama lamang na ipagkaloob ang nararapat sa kanila.

@@@

LAST week ay daandaang residente ng Noveleta, Cavite ang sumailalim sa relokasyon at dinala sa evacuation center bunga ng masungit na lagay ng panahon.

Pinangasiwaan ito ng Disaster Risk Reduction Management ng Noveleta na pinamumunuan ng masipag na si Jeg Alix.

Hindi naman talaga matatawaran ang dedikasyon ni Mr. Alix sa kanyang tungkulin tuwing mayroong pag-uulan o pagbabaha at iba pang kalamidad.

Ang Barangay San Rafael 3 at Barangay San Rafael 4 ang higit na naapektuhan sa naturang bayan ng bagyong Karding.

Sa puntong ito ay mabilis ang response o aksiyon ng Ama ng Noveleta sa katauhan ni Mayor Dino Reyes Chua.

Ang tila walang kapaguran na alkalde ng Noveleta katuwang ang mga local officials ay agad-agad na namahagi ng tulong o relief goods.

Isa kang tunay na Ama ng Noveleta.



# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## Senate Blue Ribbon: di katotohanan ang hanap sa Tulfo case

**INSPIRASYON SA BUHAY: "…** `Huwag kayong humatol, nang kayo'y di hatulan. Sapagkat hahatulan kayo ng Diyos ayon sa paghatol ninyo sa iba, at susukatin kayo ayon sa panukat na ginagamit ninyo sa iba. Bakit mo pinapansin ang puwing sa mata ng iyong kapatid ngunit hindi mo pinapansin ang trosong nasa iyong mata?'…" (si Jesus, ang ating Diyos at Tagapagligtas, sa Mateo 7:1-3, Bibliya).

-ooo-

**SENATE BLUE RIBBON: DI KATOTOHANAN ANG HANAP SA TULFO CASE:** Naging mabunga para sa aming mag-asawa ang pagdalo, bilang mga abogado ni Ben "Bitag" Tulfo, sa hearing noong Agosto 14, 2018, ng Senate Blue Ribbon Committee sa imbestigasyon nito ng P60 million advertising contract sa pagitan ng Department of Tourist (DOT) noong panahon ni dating Secretary Wanda Tulfo Teo at ng PTV4.

Marami akong natutunan. Pangunahin dito ang katotohanang sa imbestigasyon ng Blue Ribbon Committee sa kontrobersiyang Tulfo-DOT, hindi pala naghahanap ng katotohanan ng mga pangyayari sina Committee Chairman Sen. Richard Gordon, Sen. Antonio Trillanes IV, at Sen. Riza Hontiveros.

Ang hearing na dinaluhan namin ng aking maybahay na si dating Judge Angelina Domingo Mauricio bilang mga legal counsel ni Ben Tulfo ay pagdinig pala upang maghanap sina Gordon, Trillanes IV, at Hontiveros, ng mga patunay sa kanilang mga nauna ng iniisip na guilty sina Secretary Tulfo at Ben Tulfo ng korapsiyon at katiwalian.

-ooo-

**PAGLABAG SA SENATE RULES:** Sa totoo lang, kung bubulay-bulaying mabuti, ganun na din ang tayo ng tatlong mambabatas na ito sa mga nauna nilang mga inimbestigahan sa Blue Ribbon Committee. Hindi sila tunay na "fact-finding", o naghahanap ng mga tunay na kaganapan, sa kanilang mga imbestigasyon, kundi "finding facts to support their preconceived ideas", o paghahanap ng mga katibayang susuporta sa kanilang mga nauna ng pananaw.

With due respect sa tatlong ito—Gordon, Trillanes IV, at Hontiveros—balintuna ang ganitong pag-aasal nila sa kanilang mga imbestigasyon, at tunay namang taliwas ito sa kanilang Rules of Procedure In Aid of Legislation. Una, walang karapatan ang mga senador na magsabi na ang taong humaharap sa kanilang imbestigasyon ay guilty o not guilty ng anumang krimen.

Wala sa mandato nila yun, ayon na din sa Section 1, Resolution No. 5, na kilala bilang Rules of Procedure Governing Inquiries in Aid of Legislation. Ang mandato ng mga imbestigasyon sa Senado ay alamin ang mga nangyari upang sila ay makagawa ng bagong batas, o mabago ang mga batas na kasalukuyan ng umiiral. Walang kapangyarihan ang mga senador na kumilos na parang mga hukom, puwera na lamang sa impeachment proceedings nila.

-ooo-

**SENATE BLUE RIBBON, WALANG KARAPATANG HUMATOL**: Sa Section 12 ng Resolution No. 5, maliwanag ding ang mga resource persons, gaya ni Ben Tulfo at Wanda Tulfo Teo noong Agosto 14, 2018, ay tatanungin lamang ukol sa mga pangyayari o "matters of fact". Hindi sila tatanungin kung guilty ba sila o not guilty, gaya ng nangyari kina Ben at Wanda.

Ganundin, wala ding karapatang kumiling ang sinuman sa mga senador sa kanilang mga iniimbestigahan. Nabigla ako at namangha noong marinig ko si Gordon na nagsabi, sa publiko pa man din, na kinausap pala niya, isang araw bago ang hearing noong August 14, 2018, ang mga pinuno ng PTV 4 at hinimok ang mga pinunong ito na maging testigo laban sa mga Tulfo. Tiniyak pa ni Gordon, ayon na din sa kanya, na bibigyan niya ng proteksiyon ang mga tetestigo laban sa mga Tulfo.

Talaga naman, di ba, mga suki ng Kakampi Mo Ang Batas? Tapos, gaya ng komento ni Patricia Laurel sa Facebook habang nagaganap ang hearing, nagtatanong si Trillanes sa mga Tulfo at pilit silang pinapa-amin sa krimen, pero, hindi din naman niya binigyan ng buong pagkakataon si Ben o si Wanda na sagutin ang kanyang mga tanong. Hindi tuloy ako nagtataka na ang tawag ng marami sa mga Senado ay "bulok na sangay ng pamahalaan."

-ooo-

**PARA SA MGA TANONG, REAKSIYON:** Kung mayroon pong gustong magtanong sa akin sa mga bagay na tinalakay dito o sa ibang isyu, o magsangguni ng kanilang mga problema, anuman ang problemang iyon, tawag po kayo sa 09778059058, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com o mag-post sa www.facebook.com/attybatas. Promise, sasagot po agad ako. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus, Amen!

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## 'Di pa ganap ang tagumpay

ANIM na nasa murang edad pa lamang subalit nakuha na sa kanilang pag-iingat ang iligal na droga.

Tinatayang nasa P2 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska sa anim na menor de edad ng mga operatiba ng Ozamis City Police Station sa Barangay Malaubang, Ozamiz City, Misamis Occidental, sa ilalim ng liderato ni Supt. Jovie Espenido.

Sa follow up buy bust operation, anak ng saluyot naman talaga at mantaking ang ganoong karaming shabu ay nakuha mula sa anim na paslit.

Ang balita, iba't ibang krimen partikular ang pagnanakaw nasasangkot ang anim na bata sa mga barangay ng Tinago, Tinago, Annex, Villa Consuelo and Bañadero at Malaubang.

Malinaw naman na isang grupo ng sindikato ang humahawak sa mga ito.

Hindi naman maglalakas ng loob ang anim na ito na gumawa ng krimen o magnakaw kung walang nasa likod nito.

Hindi pa nakuntento ang sindikato at ginamit pa ang mga bata sa transaksiyon ng drugs.

Buhay nga naman, kailan kaya talaga magwawakas ang iligal na droga sa bansa?

Kung si Presidential Spokesman Harry Roque ang tatanungin, ang sabi nga niya ay hindi pa ganap na nagtatagumpay ang giyera o kampanya ng pamahalaan kontra illegal drugs.

Ang pahayag na ito ni Roque ay batay sa interview sa kanya ng isang radio station kaugnay ng pagkakapuslit ng P6.8-bilyong halaga ng iligal na droga sa bansa.

Sa pangyayari ay sinasabing may intelligence gap sa pagitan ng mga opisyal ng Bureau of Customs at Philippine Drug Enforcement Agency.

Ang depensa ng BOC ay hindi sila sinabihan ng PDEA o binigyan ng mga intelligence reports na mayroong bultong shipment ng shabu sa bansa.

Ang tugon naman ng PDEA ay hilaw o hindi pa ganap na kumpirmado ang natanggap na mga impormasyon kaya hindi muna ipinagbigay-alam sa iba pang ahensya at kailangang beripikahin munang maigi.

Ano nga ba talaga ang katotohanan?

Ang sabi o paniwala ng iba ay posibleng masira ang relasyon o magkaroon ng lamat sa pagitan ng BOC at PDEA.

Sabi naman ng BOC ay hindi ito mangyayari, sana nga dahil mahalaga ang partisipasyon ng dalawang ahensiya sa pagsugpo ng iligal na droga sa bansa.

# EDITORYAL

## May kasagutan pa ba?

**HANGGANG ngayon ay nanatili pa ring talamak o laganap ang iligal na droga sa bansa.**

**Mismong pag-amin ito ni Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Deputy Director General for Operations Ruel Lasala.**

**Tugon ito ni Lasala batay sa katanungan ni Catanduanes Rep. Cesar Sarmiento, ng House Dangerous Drugs Committee, matapos ang kontrobersiyal na pagkakalusot ng bultong shabu sa bansa.**

**Ang Chinese triad at African drug group ang binanggit ni Lasala na pangunahing nasa likod ng pagpupuslit ng shabu sa bansa.**

**Nangyayari ito sa pamamagitan ng pagdaan sa iba't ibang pamamaraan kagaya ng smuggling o courier service.**

**Ang malaking katanungan ay may kasagutan pa ba kung mawawakasan ang problema sa droga sa bansa?**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO**
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

# GIANT MALL CONGLOMERATE HONORS CAVITE ARTISAN

**Dasmariñas City, Cavite (PIA) – The SM mall in the city recently launched the latest series of its cultural journey My City, My SM Series, this time paying tribute to our world-class artisans thru *"My City, My SM, My Arts".***

The event highlighted the life and legacy of master artist Eduardo Castrillo, the sculptor behind the People's Power Monument in Edsa, Rizal's Monument in Luneta Park, Andres Bonifacio's Monument near City Hall of Manila, the Heritage of Cebu in Cebu City to name a few who has made Cavite his home which was presented thru The My City, My SM, My Arts Video.

A joint project of SM Corp., the Metropolitan Museum of Manila, The Shell Companies of the Philippines, the Philippine Star with support from the National Commission of Culture and the Arts and Centerstage Productions, My City, My SM, My Arts is a celebration of Philippine Visual Arts- Painting, Sculpture printmaking, Photography, and Filmmaking.

This campaign aims to bring Arts and people together by showcasing the works of the masters, modernists and millennials in a roadshow where SM malls are located.

The event was hosted by Mr. Gilbert Remulla with special guests namely, Dasmarinas City Vice Mayor Hon. Rex Mangubat, OIC-Provincial Tourism Officer of Cavite Ms. Elinia Imelda Rozelle Sangalang , Senior Assistant Vice president for Operations, Mr. Jason Terrenal, SM Regional Operations Manager Lorenz Calingasan, SM AVP for Marketing Ritchie Tan Gonzales, SM Dasmariñas Assistant Mall Manager Patrick Cesar Ballesteros and SM Senior Vice President for Marketing and Communications Ms. Millie Dizon.

The Teatro Baile de Cavite opened the program with a very special dance number and later, tokens of appreciation were awarded to project partners represented by the following: Ms. Nelda Sansaet, Director for Administration of The Metropolitan Museum of Manila; Mr. Edgar Chua, Country Chairman of The Shell Companies of the Philippines; Ms. Marichu Tellano for The National Commission for Culture and Arts and world acclaimed filmmaker Director Brillante Mendoza for Centerstage Productions.

My City, My SM was initiated by SM Supermalls' publicity department headed by Ms. Millie Dizon, in partnership with the Department of Tourism that started last 2009 and launched in various provinces across the country. As follow through to this success came My City, My SM, My Cuisine; My City, My SM, My Crafts and My City, My SM, My Arts. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite)***

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFICIO SHERIFF
IMUS, CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, (otherwise known as PAG-IBIG Fund)
Mortgagee,

-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF
REAL ESTATE MORTGAGE UNDER
ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

F.C.CASE NO. 16224-18

ARJAY CHESTER S. MORABE
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by PAG-IBIG FUND or HDMF, mortgagee, with principal place of business at Rm.202, 2/F, The Atrium of Makati, Makati Ave., Makati City against , ARJAY CHESTER S. MORABE mortgagor with residence and postal address at Lot 13, Blk. 3, Phase A, The Legian Imus Subd., Carsadang Bago II, Imus, Cavite and/or #37-A Madre Silva St., Roxas District, Quezon City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of January 4, 2018 amounts to SIX HUNDRED SEVENTY NINE THOUSAND FOUR HUNDRED EIGHTEEN PESOS & 8/100 (Php 679,418.08), Philippines Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on September 4, 2018 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1339634

"A parcel of land (Lot 13, Blk.3, of the cons.-subd. plan, Pcs-04-023917, being a portion of Lots 1313, (RS-04-004172), 1315 (RS-04-00439) and 1314, (Imus Estate) situated in the Bo. of Carsadang Bago II, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Rd. Lot 11, on the NE., along line 2-3 by Lot 15, Blk. 3.,on the SE., along line 3-4 by Lot 14, Blk.3; and on the SW., along line 4-1 by Lot 11, Blk. 3, all of the cons.-subd. plan x x x containing an area of FORTY TWO (42) SQUARE METERS"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on September 11, 2018 at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, July 16, 2018.

(Sgd) ALEX E. MARTINEZ
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) REGALADO E. EUSEBIO
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

COPY FURNISHED:
HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
JELP Business Solution Center
409 Shaw Blvd., Mandaluyong City

ARJAY CHESTER S. MORABE
Lot 13, Blk. 3, Phase A, The Legian Imus Subd.,
Carsadang Bago II, Imus, Cavite

#37-A Madre Silva St., Roxas District, Quezon City, Metro Manila


Publication: HANEP August 6, 13, and 20, 2018



**EMPOWERING BARANGAY TANOD TOWARDS A MORE PEACEFUL CAVITE:** To enhance the effectiveness of every barangay *tanod* in the province, being the force multiplier and front liner in peacekeeping, Cavite Governor Boying Remulla led the distribution of handheld radios, reflectorized vests, as well as provided them a free seminar that will orient them on their duties and responsibilities at their community. Recipients during the ceremonial turnover held on August 9, 2018 were from Indang, Trece Martires City, Amadeo, and Tanza, while the distribution conducted on August 10, 2018 was for the officials and tanod of the City of Dasmariñas respectively. Cavite PPO Deputy Police Director for Operations PSUPT Michael Ceciliano served as guest speaker, who discussed the functions of barangay *tanod* under the Local Government Code. During the program, Governor Boying was joined by co-public servants including Indang Mayor Perfecto Fidel with Vice-Mayor Sammy Rodil and Municipal Councilor Ping Remulla, Board Members Reinalyn Varias and Valeriano Encabo, Dasmariñas Vice-Mayor Rex Mangubat, Provincial Administrator for Community Affairs Engr. Redel Dionisio and other local and SK officials who also showed support to the endeavors of the provincial government that are geared towards peace and progress. Recipients expressed their gratefulness and continued cooperation to any project that will guide and prepare them in achieving efficiency in maintaining peace and order in their own barangay. **(PICAD)**

**IRESPETO NATIN...**

**ni Jojo Demetilla**



# TALAMAK NA KATIWALIAN CANCER NGA BA ITO NA PAULIT-ULIT LAMANG?

Kaya nabanggit ng Pangulong Degong Duterte na magresign dahilan siya mismo saksi sa nagaganap na katiwalian sa halos lahat ng sanghay sa Gobyerno inamin nito sa paglunsad ng Go Negosyo's Pilipinas Angat Lahat program sa Rizal Hall sa Malacanang sinabi nitong sa Joint Command Conference ng mga nakaraang arawsaharapan ng mga kapulisan at kasudaluhan na siyay pagod na kayat iniisip nyang bumaba na sa pwesto.

I want you to know that I am thinking of stepping down sapagkat syay napapagod na. Subalit hindi naman ako nagagalit laban kanino man. Ang ikinalungkot ko lang parang wala ng katapusan ang katiwalian at sakit na ito sa lahat ng sanghay ng Gobyerno. Graft is so embedded, it is endemic at parte na ito lagi saan man terretoryo ng sanghay sa gobyerno ang katiwaian.

Binuksan natin ito sa ating programa sa Radyo Bandido ng DZRJ 810 KHZ MARAMI ANG NANINIWALA NA ITOY KANCER NA sa lipunan subalit pilit na nilalabanan ng Pangulong Duterte ang katiwaliang ito na wala syang sasantuhin maging itoy kaibigan man o kaklase o malapit sa kanya o maging mga tumulong sa kanya noong syay tumatakbo pa lamang bilang Pangulo at nanalo nga ito.

Marami ang nagsasabing bulaklak lang ito sa labi ng Pangulo ng Pilipinas na magreresign pero hindi nya totohanin ang pag step down sa Malacanang. Ito naman ang sinasabi ng mga callers natin sa RJ AT NANINIWALA PARIN ang mga ito sa katatagan ng Presidente na malulutas din nya ito hanggang matapos ang termino nito sa 2022. Sino naman ang papalit sa kanya si Ginang Robredo na marami rin ang umaayaw dito maging ng pangulong Duterte walang tiwala sa kanya VP na di nya kakayanin ang magpatakbo ng pilipinas.

Sa ating mga tagasubaybay sa dyariong hanep at sa radio ng dzrj 810 khz araw araw tuwing 6 ng gabi up to 7pm Monday to sfriday salamat sa lahat pwedeng tumawag at magparticipate sa aking programa tumawag lamang sa mga tel. no. bilang 8954460/8978374 o kayay magtext sa cp no. bilang 09154796581 lahat ng messages ay aking pong binabasa. Pwede ring makinig sa website live youtube rj am Makati facebook rj am Makati at sa facebook dzrj 810 am and streanline just type www.ustream tv/channel/dzrj 810 am. Salamat po.

# CARMONA LGU NURTURES AND RECOGNIZES PWDs' TALENTS

**Carmona, Cavite (PIA) – The municipal government of Carmona under the able leadership of Mayor Dahlia Loyola is especially proud to include Persons with Disability (PWD) in their workforce.**

This initiative is in compliance with Republic Act (R.A.) 10524 also known as Magna Carta for Persons with Disability that recognizes the right of persons with disability to work on an equal basis with others and to participate fully into the mainstream of society.

Jomarie Espinosa and Raichan Mark Dearoz, both born with autism are active employees in administrative offices of the municipal government of Carmona who are admired by fellow colleagues and workers because of their diligence and dedication.

Jomarie has been working as an administrative aide with the treasury office since 2014 and efficiently does his work by heart which includes arranging receipts by serial numbers, drafts permits, seals tax certificates, and piles documents and stickers for registered vehicles.

Meanwhile, Raichan can be seen in the IT department diligently doing his tasks of encoding, photocopying, administering the database and operating the risograph. He promptly arrives to work fifteen minutes before his official duty and starts his work at exactly 8:00am.

Mayor Loyola states that LGU Carmona does not discriminate those who are born with disability but instead cares and nurtures them by giving them the opportunity to be economically productive and financially independent.

She said,"Hiring persons with disability is a win-win situation for the persons with disability, the institution itself and for the co-workers," further adding, "PWDs are given the chance to prove their self-worth, have self-esteem and earn for themselves". ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from Carmona PIO)***



MAAYOS at matagumpay ang isinagawang satellite voters registration nitong nakalipas na Agosto 11 sa barangay hall ng San Antonio 1, Noveleta, Cavite sa ilalim ng liderato ni Chairman Richard Salud. **(RS)**




**MEDICAL SERVICES FOR MENDEZ RESIDENTS:** Provincial Government of Cavite thru the initiative of OPG-Extension Office and the Provincial Health Office provided free medical services for the people of Mendez on August 9, 2018 at St. James Parish in Brgy. Galicia I. Medical volunteers from Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital and Municipal Health Office checked the health conditions of more than 500 residents and some 49 dental patients underwent tooth extraction. Vice-Mayor Francisco "Cocoy" Mendoza, Jr requested the outreach program as a way of giving back to his constituents; he also thanked the mission team for making healthcare services closer to Caviteños. **(PICAD)**

# Estudyanteng totoy, tiklo sa 'damo'

HINDI na nakapalag ang isang 17-anyos na estudyante matapos posasan nang ang napagbentahan niya ng dahon ng marijuana ay isang pulis sa Ternate, Cavite.

Kasong paglabag sa Sec. 5 at 11 ng RA 9165 ang isinampang kaso laban kay Mico ('di tunay na pangalan) ng Brgy. Labac, Naic Cavite.

Sa report ni SPO1 Alfredo Dela Cruz, Jr., ng Ternate Municipal Police Station, dakong alas-8:30 ng gabi nang ikasa ng pinagsamang puwersa ng Ternate Police at PDEA 4A ang buy bust operations sa Brgy. San Juan 1, Ternate.

Binentahan umano ng suspek ang nagpanggap na poseur buyer na si PO3 Dave Gluda ng dahon ng marijuana na nakalagay sa dalawang plastic sachet sa halagang P200 na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto.

Dahil sa pagiging menor de edad, inilipat ng pulisya ang suspek sa pangangalaga ng Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO). **GENE ADSUARA**



# HELMET
ni FREDDIE MANALAC

## ON LINE SABONG LAKING PAHIRAP SA INDUSTRIYA NG KARERA NG KABAYO

BAYANG KARERISTA ang nagsasabing napakalaking pahirap ng E-Sabong o tinatawag na On Line Sabong.

Dahil sa karagdagan buwis buhat sa Train Law na 20 porsiyento documentary stamp tax at Pagliit ng mga dibidendo kung sakaling tumama sa karera ang isang mananaya.

Nawawalan na ng interest ang mga karerista at naglilipatan na sa E-Sabong dahil mas higit na maganda ang binibigay nitong dibidendo kung mananalo ang pinustahang manok.

Nung nakalipas na taon 2017 nagbigay ng 1.25 bilyung piso buwis sa gobyerno ang industriya ng karera. Gaano naman kaya ang naibigay ng E-Sabong sa kaban ng pamahalaan?

Kamakailan lang hinabla ni Ginoong Leon Estrella Peralta nagtaguyod ng Anti-Trapo Movement (ATM) ang Philracom sa pangunguna ni Chairman Andrew Sanchez at kanyang mga kasama ng katiwalian.

Kadahilanan hinayaan nito ang E-Sabong at gamitin ang mga Off Track Betting (OTBs) sa pangtanggap ng mga taya.

Nagpalabas naman ng kautusan si Solicitor General Jose Calida na walang karapatan ang Games and Amusement Board (GAB) na sabihin LIGAL ang E-Sabong bagkus ito ay isang krimen.

Agad naman pinagutos ng pinuno ng GAB na si dating Palawan Gobernador Abraham Blanco Mitra sa MJCI, PRCI at MMTCI na itigil na ang pangtanggap ng mga pusta sa kani-kanilang mga OTBs.

Pinasara ng Lungsod ng Valenzuela ang mga OTBs sa kanilang nasasakupan na tumatanggap ng mga taya sa E-Sabong.

Maging ang Lungsod ng Pasay ay gayundin ang ginawa. Pero meron din mga lungsod ang hinahayaan lang ang E-Sabong gaya ng sa Maynila at Lungsod Quezon.

Sa ngayon ay mahina o lalong lumiit ang SALES ng karera ng kabayo dahil sinasabayan ito ng E-SABONG.

Dapat ay ipatigil ng ang E-SABONG sa mga OTBs at HUWAG ito isabay sa may araw ng karera.

OOO

Balitang magsasara na daw ang mga karerahan sa bansa na ikinaalarma ng mga namumuhunan. Sino kaya ang may pagkukulang o may sala sa usaping ito? Nagsimula ang karera sa Plipinas noong 1867 o 151 taon na ang nakakaraan.

Malaking pondo (bilyong piso) ang naibibigay ng industriya ng karera sa kaban ng pamahalaan kaya malaking kawalan ito kung totoo ang balita.

OOO

BINABATI natin ng belated Happy Birthday si VM Totoy Criste Jr. ng Magdalena, Laguna. Owner/Manager at Secretarts Enterprises and works for owner /Manager (Adto Enterprises). Sama na rin natin ang aking BOSS na si Mr. Renato Avenido ng Las Vegas California, USA.

# YOUNG, QUIZON, MORDIDO AT CONCIO NAKATUTOK SA GM NORM SA MALAYSIAN CHESSFEST

**TAMPOK sina International Master (IM) Angelo Young, newly-installed International Master (IM) elect Daniel Quizon, newly-installed Woman International Master (WIM) elect Kylen Joy Mordido at Fide Master (FM) elect Michael Concio Jr. ng Pilipinas na magtutungo sa Malaysia para sa kanilang Grandmaster norm sa pagtulak ng 15th IGB Dato Arthur Tan Malaysian Open Chess Championships na tinampukang 15th Malaysian Chess Festival sa Agosto 20 hanggang 26, 2018 na gaganapin sa Ballroom, 5th floor, Citi Tel Mid Valley Hotel, Mid Valley Megamall sa Kuala Lumpur, Malaysia.**

Ang eight-times Illinois, USA champion Young na dalawang norm na lamang ang kailangan para maging full chess GM ay isa sa country's top chess teacher at online chess instructor.

Nakatutok siya sa kanyang second GM norm matapos masikwat ang kanyang first GM norm sa 1996 World Open Chess Championships sa Philadelphia, Pennsylvania, USA.

Si Mordido, 16, na naguwi naman ng gold medal, outright Woman International Master (WIM) title at first Woman Grandmaster (WGM) norm.**(MARLON BERNARDINO)**

# Kauna-unahang Margie C. Narcilla FIDE Rated Standard Round Robin Chess Championships

**TUTULAK** na ang first ever Margie C. Narcilla FIDE Rated Standard Round Robin Chess Championships mula August 20 hanggang 22, 2018 na gaganapin sa Jardin Del Roca, Bayabas sa Toril, Davao City.

Ayon kay Organizer at Chief Arbiter FNA Margie C. Narcilla na ang nasabing Standard Time control format na ipapatupad ang FIDE Laws ay nakataya ang P5,000 sa magkakampeon.

Maiuuwi ng sa second placer ang P3,000 habang nakalaan sa third placer ang P2,000 at P1,500 naman sa fourth placer.

Tig P1,000 naman ang naghihintay sa 5th hanggang 6th placer at ang iba pang makakapasok sa Top 10 ay tatangap ng tig P500.

Ang registration fee ay P500 at free lunch sa laht ng mga kalahok.

Kabilang sa mga invited players ay sina Ferdinand Leysa (2065) Atty. Jose Dionisio Guevarra Jr. (1907), Irish Yngayo (1748), Florence Faith Guevarra (1720), Baltazar Rafales Sr. (1362), Alfred Moulic, Cecilio "Ely" Acas, Michael Elloso, Knarf Lawrence Bastilaong at Kurt John Placencia.

Ang Tournament Director ay si National Arbiter Cecilio "Ely" A. Acas habang ang Deputy Chief Arbiter ay si Fide National Arbiter Joseph Gener "Jojo" I. Palero na kaagapay si Fide National Arbiter Alexander E. Clavite.**(MARLON BERNARDINO)**

# Preparado na Wushu Philippine sa Asiad 2018

**PINAGHANDAAN** ng mga Philippine wushu fighter ang pag sabak para sa pakikipag tagisan ngayong 2018 Asian Games sa Indonesia.

Ayon kay Wushu Federation of the Philippines Secretary-General Julian Camacho, mataas umano ang kumpiyansa mga palaban na wushu kung saan ay naniniwala siyang lalaban tayo.

Sinabi pa ng opisyal na laban kung laban kung saan ay gagawin at gagawin ng mga atleta ang kanilang best upang makapag bigay o makadagdag ng karangalan sa bansa

Matatandaan na unang nakapagtala taong 2014 sa South Korea Games kung saan ay nagkamit ng 2 Silver medal sina Daniel Parantac at Jean Claude Saclag

Samantala sa dekadang nagdaan maituturing o napag alaman na pumalo ang Manila sa pagtala ng no. 2 taong 1954 nasundan ito nuong 1958 na kung saan ay ginanap naman sa Tokyo ang Asian Games.

